
Multilingual na Impormasyon Pebrero 2026 **Tagalog**

Tema: "**Mga paraan at dapat tandaan para sa paglipat ng bahay upahan o apartment**"



Sa mga nangungupahan o naupa ng tirahan kung ikaw ay lilipat o aalis na sa kasalukuyang tinitirhang bahay dapat mo itong ipag-bigay alam sa may-ari ng bahay.
Karaniwan, kung ito ay may kasiguraduhan na dapat at nasa patakaran na isang (1)buwan ang petsa bago ang buwan ng iyong pag-lipat ay naipag-bigay alam mo na ito sa may-ari ng bahay.
Sa paglipat,pagkatapos mailigpit ang mga muwebles at gamit ito ay linisin gaya ng araw na ikaw ay lumipat dito pag~tapos na ay magkakaroon ng isang "check-in" kasama ang may-ari ng bahay o isang tao mula sa ahensya ng real estate para tingnan ang bahagi ng bahay tulad ng mga dingding, sahig, pinto, atbp. kung may mga nasira o napinsala nadumihan o naman-tsahan na dapat o kakailanganing ipagawa o ipaayos ito at kadalasang ginagamit o ibabawas ito sa iyong "Deposito" na binayad mo bago ka lumipat sa bahay na iyo nang lilisanin kung may sosobra o matitira ito ay ibabalik sa iyo na
Ang upa ay kakalkulahin ayon sa araw sa nakaraang buwan.

Sa pag-lilipat alam naman natin na may mga basura o mga bagay na itatapon i-ayon ito sa tamang preparasyon para sa pagtatapon sa tamang araw at tamang basura na nakasaad para sa araw ng pag-tatapon ng basura.
(suriing mabuti ang basura at itapon ng tama na hindi makakapirwisyo sa may-ari ng bahay at sa mga kapit bahay at sa kukuha ng mga basura).
Ipaalam sa mga kompanya ng kuryente, gas, at telepono/wifi ang petsa ng iyong paglipat at bayaran ang mga nakunsumo.



Sa pag-lipat dapat mong kumpletuhin ang mga proseso bago ang araw ng pag-pasok o paglipat, paglabas o pag-tatapos ng kontrata at para sa pang kalahatang impormasyon tayo'y pumunta sa nasasakupang city hall dalhin ang kumpletong papeles o mga pagkakakilanlan tulad ng residence card o sertipiko ng special permanent resident, My Number card (icheck ang petsa)at makakatanggap "moving-out certificate." para sa pag-lipat At muling dalhin ito sa City Hall na iyong bagong lugar na lilipatan at kumpletuhin ang mga proseso ng paglipat. Maaari ka ring mangailangan ng mga dokumento upang patunayan ang iyong mga relasyon sa isat-isa sa makakasamang titira sa uupahang bahay o kasambahay para sa kapakanan ng lahat (Para sa may pamilya o makakasama)
At kung ikaw ay aalis at babalik o lalabas o muling pagbalik ng japan ay kailangan mo ring itong ipag-bigay alam.
(Upang hindi mag-kaproblema Huwag itong ipag-walang bahala.)



At para sa may mga anak na nasa elementarya o junior high school,ihanda ang ang mga kakailanganing dokumento para sa paglipat mula sa paaralan tungo sa bagong paaralan ng lugar ng inyong lilipatan mag-apply para sa study permit sa board of education sa lungsod, bayan, o nayon/lugar. Kung ang inyong anak at kung ang ina/ama ay dayuhan,dalhin ang residence card para sa pag.susuri at pag-hingi narin ng kopya nito dahil ito ay isa sa kailangan/requirement.